Pangalan: ___________________________________
Petsa: _______________ Marka: _____________

**I. PANUTO:** Piliin ang titik ng wastong sagot. Isulat ito sa patlang.

_____1. Isa sa katangian ng epiko ay itampok ang ______________ ng pangunahing tauhan.

A. karanasan B. kababalaghan C. ugali D. kabayanihan

_____ 2. Ito ang rehiyon na pinagmulan ng mga akdang pampanitikan tulad ng Parabula ng Israel, Epiko ng India at Elehiya ng Bhutan.

A. Silangang Asya
B. Kanlurang Asya
C. Timog-Silangang Asya
D. Hilagang Asya

_____ 3. Naibigan ni Sita ang gintong usa na lantay ng mamahaling bato ang sungay. Anong pilosopiya at kulturang Hindu ang nasasalamin sa pangyayari?

A. paniniwala sa kabutihan
B. paninindigan sa katotohanan
C. paniniwala sa kagandahan
D. pananatili ng kabutihan

_____ 4. Ang kabayanihan ay wala sa edad at kasarian, **ito** ay nasa puso kung may tunay na pagmamalasakit sa kapwa at sa bayan. Ang salitang **ito** ay tumutukoy sa ________.

A. edad
B. kabayanihan
C. kasarian
D. pagmamalasakit

_____ 5. Tumangging tumulong si Maritsa nang mapag-alamang si Rama ang kalaban ni Ravana. Anong pilosopiya at kulturang Hindu ang sinasalamin ng ikinilos ni Maritsa?

A. paniniwala sa kabutihan at sa Diyos
B. mapagpaubaya sa mahihina
C. pagkilos nang ayon sa lipunan
D. pag-iwas sa paggawa ng kaguluhan

_____ 6. Ito ay tulang pasalaysay na nagsasaad ng mga hindi kapani-paniwalang pangyayari tungkol sa kagila-gilalas na pakikipagsapalaran at kabayanihan ng pangunahing tauhan.

A. elehiya B. maikling kuwento C. epiko D. nobela

_____ 7. Bukod sa panitikan, musika at sining, ano-ano pa ang may malaking gampanin sa pag-unlad ng kultura ng Kanlurang Asya?

A. ekonomiya at kasaysayan
B. pilosopiya at relihiyon
C. lutuin at pilosopiya
D. relihiyon at ekonomiya

_____ 8. Mahalaga ang kultura sapagkat ito ang ____________ ng kasaysayan ng isang bansa.

A. simbolo B. yaman C. salamin D. panitikan

______9. Ang kultura ng isang bansa ay mababasa sa kanilang mga akdang _________________.

A. pampanitikan B. pampahayagan C. pangturismo D. pangkasaysayan

_____ 10. Ang lahat ng mga bansa ay kabilang sa Kanlurang Asya **MALIBAN** sa ______________.

A. Bhutan B. Saudi Arabia C. Israel D. Pilipinas

**II. PANUTO:** Punan ng nawawalang titik ang mga kahon upang matukoy ang kaugalian/kulturang Asyano sa mga sumusunod na pangyayari.

1. Binunot ni Lakshamanan ang kaniyang espada at nahagip ang ilong at tainga ni Surpanaka.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| k | | t | | p | a | | g | | n |

2. Pagsasama ng hari ng mga unggoy at mga kawal nito at nina Rama at Lakshamanan upang salakayin ang Lanka.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| p | | g | t | | t | u | l | | n | | | |

3. Ang pagtanggi ni Rama kay Surpanaka na maging kabiyak sapagkat may asawa na siya.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| k | a | | | p | | t | a | |

4. Ang hindi pag-alis ni Lakshamanan sa tabi ni Sita upang ito ay bantayan ayon na rin sa bilin ni Rama.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | | s | | | u | r | | n |

5. Pagbibigay babala ni Lakshamanan kay Rama na baka higante ang gintong usa.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | | a | | | l | | h | | n | | |

**III. Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot. Isulat sa patlang.**

______ 1. Pinaniniwalaan ng bansang India ang kagandahan, katotohanan, at kabutihan. Saan nakaugat ang kulturang ito ng mga Hindu?

A. relihiyon
C. pilosopiya
B. ekonomiya
D. pamahalaan

_____ 2. Mahalaga ang kultura sapagkat ito ang ____________ ng kasaysayan ng isang bansa.

A. simbolo B. yaman C. salamin D. panitikan

_____ 3. Bakit hindi nagbago ang mga kinagisnang kultura at tradisyon ng bansang India?

A. Napanatili at isinasabuhay ng mga Hindu ang kanilang kultura at hindi naimpluwensiyahan ng kultura mula sa mga karatig bansa.

B. Ginaya ng mga Hindu ang kultura ng mga mauunlad na bansa sa Kanlurang Asya.

C. Sa pagpasok ng maraming mga dayuhan sa bansang India ay natuto ang mga Hindu na isabuhay ang kultura ng ibang mga lahi.

D. Mahigpit ang mga Hindu sa pagpapasunod ng kanilang kultura sa mga mamamayan.

_____ 4. Ang pinakatanyag na uri ng pagbati sa mga Hindu ay ang pagdaraop ng kanilang mga palad habang nakalagay sa ibaba ng mukha. Ito ay paraan ng pagbati sa pagdating o kaya ay sa pamamaalam.

A. bunong-braso C. namaste
B. pagkaway D. pagmamano

_____ 5. Kultura ang sumasalamin sa kasaysayan ng isang bansa. Isa rin **ito** sa **kanyang** pagkakakilanlan. Ang mahalagang daan para magkaroon ng kasaysayan sa kasalukuyan ay ang mga paniniwala, kultura at tradisyon. Ano ang tinutukoy ng mga salitang may salungguhit?

A. kultura at Asya C. kultura at bansa
B. kultura at panitikan D. kultura at kasaysayan